TAGALOG

Advanced Learning Student Services
Mailing address: M.S. 32-936 – P.O. Box 34165 Seattle, WA 98124-1165
Web address: http://www.seattleschools.org/area/advlearning/index.xml *Phone: 206-252-0130*

PAKETE NG IMPORMASYON
Nominasyon/Tinutukoy para sa Advanced Learning Student Services

Paano ko inonominado ang bata para sa pagsusuri sa Advanced Learning? Ang mga magulang, mga guro/kawani, at mga kasapi ng pamayanan ay maaring magnomina ng isang mag-aaral para masuri, ngunit ang pinirmahang *Pahintulot ng Magulang* na pormularyo ay **kinakailangan** para masuri. Ang mga guro at mga kasapi ng pamayanan ay magbigay ng mga pormularyo ng *Pahintulot ng Magulang* sa mga magulang ng mga mag-aaral na nais nilang inomina. Ang *Input ng Guro/Tagapagturo* na pormularyo ay kinakailangan rin. Ang parehong pormularyo ay nakatakda para sa Oktubre 8, 2007*. (*Para sa mga kindergarten na mag-aaral lamang: Ang *Input ng Guro/Tagapagturo na Pormularyo* ay nakatakda para sa Nob 14, 2007; ang pormularyo ng magulang ay nakatakda para sa Okt 8, 2007.)

Saan ako makakakuha ng pormularyo ng nominasyon? Ang mga papel para sa nominasyon ay makukuha sa mga opisina ng elementarya at middle schools, Enrollment Centers, Bilingual Family Center (252-7750), at sa John Stanford Center for Educational Excellence (direksyon sa itaas). Ang mga papeles ay makukuha rin sa aming website sa www.seattleschools.org/area/advlearning/index.xml

Saan ko dapat ibalik ang mga papel para sa nominasyon? Maari ninyong ibalik ang mga papel ng nominasyon sa *sekretarya ng inyong paaralan* sa Seattle Public na elementarya at middle schools, o ipadala ng direkta sa Advanced Learning sa direksyon na nasa itaas. Huwag ibibigay ang pormularyo ng Pahintulot ng Magulang sa guro. Maaring ibalik ng mga guro ang Input ng Guro/Tagapagturo na mga pormularyo sa sekretarya ng paaralan ipadala sa pamamagitan ng koreo sa paaralan o koreo ng US. *Ang mga pamilya na nasa pribadong paaralan ay kinakailangang ipadala ang kanilang mga papeles sa koreo sa Advanced Learning kalakip ang $90 na bayad para sa pagsasaayos.* HINDI kami tumatanggap ng ipinafax o e-mail na aplikasyon.

Ang aking anak ay nasa pribadong paaralan: Ano ang aking gagamitin para sa numero ng identipikasyon ng mag-aaral? Kung ang inyong anak ay dati ng nakapagpatala sa Seattle Public Schools o nagpalista na noon para sa pagsusuri, ang inyong anak ay may Seattle Public Schools numero ng ID. Ang mga pamilya ng pribadong paaralan na hindi alam, o walang, numero ng ID, ay kailangang iwanan iyon na blangko. Huwag pong gamitin ang social security numbers.

Pasasabihan ba ako ng petsa ng pagsusulit ng aking anak? Ang mga araw ng pagsusulit ay kasama sa sulat ng pagkuha ng pagsusulit, at matatanggap ng mga magulang ang kanilang unang tipan na sulat anumang araw sa pagitan ng Oktubre at mga unang araw ng Disyembre. Ang unang araw ng pagsusulit ng mag-aaral ay iba-iba ayon sa antas ng grado. Ang pagsusulit ay magsisimula sa katapusan ng Oktubre at magpapatuloy hanggang sa Enero 2008. ang sulat ay para ipaalam sa mga magulang ang araw ng pagsusulit aat ang uri ng pagsusulit na ibibigay.

Anong uri ng mga pagsusulit ang ibibigay? Ang lahat ng mag-aaral ay bibigyan ng pagsusulit na susukat ng kanilang cognitive ability (ang Cognitive Abilities na Pagsusuri). Ang pagsusuri para sa kakayahan sa pagbabasa at matematika ay ibibigay, depende sa antas ng gado at pangangailangan para makasali. Ang mga pagsusuri para sa kakayahan ay hindi ibibigay sa mga mag-aaral na nasa ika 4-7 na grado, maliban sa mga mag-aaral na hindi pumasok sa Seattle Public Schools sa nakaraang tagsibol. Para sa mga ika-4-7 na grado na mga mag-aaral, ginagamit namin ang pinakabagong pagsusuri sa kakayahan sa talaan ng mag-aaral sa Seattle Public School. Ang mga mag-aaral na nasa ika 4-7 na grado na walang marka para sa kakayahan na nasa talaan ay maaring bigyan ng ITBS.

Maari ba na obserbahan ng mga magulang ang kanilang anak habang kumukuha ng pagsusulit? Hindi. Ito ay maaring makagulo para sa mga batang kumukuha ng pagsusulit. Ang mga bata ay nakagagawa ng mas mabuti kung sila ay hindi inoobserbahan.

Kung ako ay nakatira sa labas ng hangganan ng Seattle School District, maari ko bang inomina ang aking anak para sa pagsusulit? Hindi. Ang mga mag-aaral ay kinakailangna na nakatira sa hangganan ng distrito ng paaralan para masuri.

Kailan ko matatanggap ang resulta ng pagsusulit ng aking anak? Ang pinal na resulta para makasali at ang mga marka ng pagsusulit ay nakatakda na ipadala sa Enero 31, 2008. **Ang mga resulta ng pagsusulit at pagsali ay HINDI ipinaaalam ng maaga o ng sa telepono, e-mail, o fax.**

ANG MGA PORMULARYO PARA SA NOMINASYON AY NAKATAKDA PARA SA OKTUBRE 8, 2007

Advanced Learning Student Services
Mailing address: M.S. 32-936 – P.O. Box 34165 Seattle, WA 98124-1165
Web address: http://www.seattleschools.org/area/advlearning/index.xml *Phone: 206-252-0130*

May pamaraan ba ng pag-aapila sa desisyon na ang mag-aaral ay nakitaan na hindi karapat-dapat? Oo. Ang partikular na impormasyon tungkol sa pamaraan ng pag-aapila ay isasama sa mga liham ng pagsali. Pati na rin, ang mga pribadong pagsusuri ay ikukunsidera lamang sa panahon ng pag-aapila.

Paano ang pagkakaiba ng nararapat para sa Spectrum Young Scholars mula sa Spectrum na Programa? Simula ng taong ng pasok sa 2005–2006, ang karapatan para makasali sa Spectrum Young Scholars (ang Spectrum na Programa para sa mga grado 1-2) ay nakabase sa cognitive ability at input ng guro/tagapagturo. Ang mga marka sa kakayahan ay hindi kailangan. Ang mga mag-aaral na kasali sa Spectrum Young Scholars na programa ay susuriing muli sa ika-dalawang grado para malaman ang katayuan kung nararapat para sa ika-tatlong grado.

Kinakailangan bang suriin muli ang mag mag-aaral kada taon para mapanatili ang karapatan na makasali? Habang ang mag-aaral ay nakatala sa Accelerated Progress Program (APP), sa Spectrum Program, o sa isang Advanced Learning Opportunity (ALO) na paaralan at nakakatanggap ng Advanced Learning na talaan ng pag-unlad, hindi na kinakailangan ng mga mag-aaral na suriin muli para mapanatili ang karapatan na makasali. Kabilang na rito ang mga mag-aaral na nasa ika-6 hanggang ika-6 na grado. **Ang mga mag-aaral na nakitaan na nararapat para sa programa sa panahon ng ikot ng pagsusuri (2007-2008) na hindi nakatala sa sa programa ay hindi na kailangang suriing muli sa susunod na ikot ng pagsusuri. Ang mga mag-aaral na nagpatala para sa isang programa at nakalagay sa waitlist (talaan ng naghihintay) ay bibigyan ng palugit ngunit kinakailangang makapagpatala bago matapos ang Open Enrollment (Malayang Pagpapatala) o suriin muli.**

Ano ang Proseso para Masuri/Matantiya na muli? Ang lahat ng nasa ika-5 na grado ng Accelerated Progress Program (APP), Spectrum Program, at kinilala ng distrito na mga mag-aaral na kumukuha ng isang ALO program na nakkatanggap ng Advanced Learning talaan sa pag-unlad ay susuriin muli sa tagsibol sa kanilang ika-limang grado. Ang mga pormularyo para sa nominasyon mula sa mga magulang o mga guro ay HINDI na kailangan. Ang layunin ng pagsusuri na muli ay para malaman, base sa mga marka ng WASL, mga talaan ng pag-unlad at input ng guro/tagapagturo, kung ang bata ay patuloy na kakailanganin ang mga espesyal na serbisyo bilang isang mag-aaral na academically gifted (matalino) or academically highly gifted (napakatalino).

Puntahan ang aming website para sa karagdagang impormasyon
http://www.seattleschools.org/area/advlearning/index.xml

ANG MGA PORMULARYO PARA SA NOMINASYON AY NAKATAKDA PARA SA OKTUBRE 8, 2007

TAGALOG

Advanced Learning Student Services
Mailing address: M.S. 32-936 – P.O. Box 34165 Seattle, WA 98124-1165
Web address: http://www.seattleschools.org/area/advlearning/index.xml *Phone: 206-252-0130*

PANGKALAHATANG IMPORMASYON

Ano ang mga programa at mga serbisyo ng Advanced Learning? Ang mga programa ng Advanced Learning ay nagbibigay ng napakahirap at mabilis na kurikulum para makamit ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral na likas na matalino at nauunang matuto agad. Ang Advanced Learning ay nagbibigay ng mga serbisyo para masuri kung nararapat para sa mga programa ng likas na matalino (gifted), at namamahala ng College Board/Advanced Placement na mga pagsusulit para sa mga mag-aaral sa haiskul na mga kurso ng Advanced Placement.

Programa	Mga Pinaglilingkuran na Grado	Mga Pagsusuri para maging Karapat-dapat	Kurikulum
Advanced Learning Opportunities (ALO)	1-8	HINDI	Pinaunlad at pinabilis na kurikulum sa pagbabasa at matematika.
Spectrum Young Scholars	1-2	OO	Pinabilis na kurikulum sa pagbabasa at matematika (karaniwang isang-taon na mas mataas sa nakatalang grado)
Spectrum Intermediate	3-5	OO	Pinabilis na kurikulum sa pagbabasa at matematika (karaniwang isang-taon na mas mataas sa nakatalang grado)
Spectrum Middle	6-8	OO	Pinabilis na kurikulum sa pagbabasa at/o matematika (karaniwang isang-taon na mas mataas sa nakatalang grado)
Accelerated Progress Program (APP)	1-12	OO	Pinabilis na kurikulum sa pagbabasa at matematika base sa pangangailangan ng mag-aaral (karaniwang dalawang-taon na mas mataas sa nakatalang grado)
International Baccalaureate	9-12	HINDI	Napakahirap na kurikulum sa haiskul base sa isang internasyonal na gawain at sinuring kurikular na programa
Advanced Placement	9-12	HINDI	Napakahirap na kurikulum sa haiskul na maaring maging daan para sa kredito sa kolehiyo. Ang pamamahala ng College Board/Advanced Placement na mga pagsusuri para sa mga mag-aaral na haiskul sa distrito

Dapat ba akong magnomina at ipasuri ang aking anak para sa isa na mga programang ito? Narito ang pasimulang mga katangian na isasaalang-alang kapag nagnonomina.

Mga kasanayang pangwika	✓ Mayroong maunlad/mahirap na bokabularyo para sa kaniyang edad ✓ Parang tuloy-tuloy kung magsalita at magtanong
Mga kasanayan sa pag-iisip	✓ Ay maimahinasyon, maraming ideya ✓ Nakapagbibigay ng maraming interesadong solusyon sa mga suliranin
Mga gawi sa pag-aaral	✓ Madaling maunawaan ang impormasyon; natatandaan kung ano ang natutuhan ✓ Nais na gumawa ng mas mahirap na mga bagay; maaring hindi matapos ang mga regular na aralin dahil nais na gugulin ang oras sa paggawa ng mga proyekto na kawili-wili sa kaniyang palagay
Pagganyak (Motivation)	✓ Ay napakainteresado sa ilang mga paksa/proyekto at nais na gawin ang mga iyon ✓ Ayaw o hindi nangangailangan ng maraming direksyon para matapos ang isang gawain; nais na mag-isang malaman kung paano
Panlipunan-emosyonal na pag-unlad	✓ Ay sensitibo sa mga damdamin ng iba at nagmamalasakit tungo sa pagkakapantay-pantay ✓ Maaring maging perpekto at/o nabibigo agad kung nagkamali ✓ Maaring naisin pa na makihalubilo sa mga mag-aaral na mas nakatatanda at/o matanda
Pagbabasa	✓ Ay napakagaling magbasa, nakababasa ng higit pa sa antas ng grado at/o nagbabasa noong napakabata pa
Mga Kasanayan sa Matematika	✓ Gustong-gusto ang matematika, nakakagawa ng higit pa sa antas ng grado sa matematika at/o nagpapakita ng interes sa mga numero noong napakabata pa

Puntahan ang aming website para sa karagdagang impormasyon
http://www.seattleschools.org/area/advlearning/index.xml

TAGALOG

Advanced Learning Student Services
Mailing address: M.S. 32-936 – P.O. Box 34165 Seattle, WA 98124-1165
Web address: http://www.seattleschools.org/area/advlearning/index.xml *Phone: 206-252-0130*

ANG PORMULARYONG ITO AY KINAKAILANGANG MAIBALIK PARA SA NOMINASYON NG INYONG MAG-AARAL
Pahintulot ng Magulang/Tagapag-alaga
para Malaman kung Nararapat para sa Advanced Learning

Pangalan ng Mag-aaral _____ ID # (kailangan) _____
Apelyido Pangalan Gitna

Lalaki __ Babae __ Araw ng Kapanganakan _____ Grado (07-08) ____ Pangalan ng Paaralan (07-08) _____

Lahi _____ Ang unang sinalitang wika/wikang ginagamit ng bata sa inyong bahay _____

Pangalan ng Magulang/Tagapag-alaga (isulat ng palimbag):_____

Tirahan _____ Seattle, WA 98_____

Telepono sa bahay _____ Telepono sa trabaho _____

E-mail _____

Ang inyong anak ba ay nanomina na at nasuri para makasali para sa programa ng Advanced Learning sa Seattle Public Schools?
Oo __ Hindi ___ Kung "Oo," anong taon nasuri ang inyong anak? _____

Mga Magulang/Tagapag-alaga ng Seattle Public Schools:

Ibinibigay ko ang aking pahintulot na masuri ang aking anak ng programa ng Advanced Learning Student Services. Ang cognitive testing (pagsusuri ng kaisipan) ay ibibigay sa lahat ng mag-aaral. Ang achievement testing (pang-akademikong pagsusuri) ay ibibigay rin. Naibigay sa aking ang mga paliwanag sa pamaraan para sa identipikasyon, mga pagpipiliang programa, at ang proseso ng pag-aapila (WAC 392-170-047).

Inyong pirma _____ Petsa _____

Mga Magulang/Tagapag-alaga ng Pribadong Paaralan:

Ibinibigay ko ang aking pahintulot na masuri ang aking anak ng programa ng Advanced Learning Student Services. Ang cognitive testing (pagsusuri ng kaisipan) ay ibibigay sa lahat ng mag-aaral. Ang achievement testing (pang-akademikong pagsusuri) ay ibibigay rin. Karagdagan pa, sa pagpirma sa ibaba, pinapayagan ko ang Seattle Public Schools na pag-aralan ang nakuhang data ng kasanayan na aking ipinagkaloob. Naibigay sa aking ang mga paliwanag sa pamaraan para sa identipikasyon, mga pagpipiliang programa, at ang proseso ng pag-aapila (WAC 392-170-047).

Inyong lpirma _____ Petsa _____
(Ang mga pamilya na hindi kasalukuyang nakatala sa Seattle Public Schools ay kinakailangang magsama ng tseke na nakapangalan sa SPS sa halagang $90 bilang bayad sa pagproseso.)
Ang pirma ay kinakailangan ayon sa WAC 392-170-047

Ang pahintulot ng magulang (K – 7 na grado) ay nakatakda para sa Oktubre 8, 2007.
Ang pahintulot ay maaring ibalik sa opisina ng paaralan o ipadala sa koreo sa Advanced Learning.

SALAMAT PO